## ANG AMING MGA KARAPATANG PANG-SIBIL NA LAYUNIN

Ang Opisina ng United States Attorney para sa Distrito ng South Carolina ay nakatuon sa pagtataguyod ng mga karapatang pang-sibil at pang-konstitusyon ng lahat ng mga Americano, lalo na ang ilan sa mga pinakamahina na miyembro ng ating lipunan.

## PAANO MAGSAMPA NG REKLAMO

Kung naniniwala ka na ikaw ay nadiskrimina, o na ang iyong mga karapatang pang-sibil ay nilabag, maaari kang magsampa ng nakasulat na reklamo sa Opisina ng U.S. Attorney.

Koreo: U.S. Attorney's Office,
District of South Carolina,
Attn: Civil Rights Program,
1441 Main Street,
Suite 500, Columbia, SC 29201

Email: USASC.CivilRights@usdoj.gov

### Makipag-ugnayan sa U.S. Department of Justice (kagawaran ng hustisya) Civil Rights Division (sangay ng mga karapatang pang-sibil)

Kumpletuhin ang online na form:
https://civilrights.justice.gov/report/

Tawagan ang Civil Rights Division:
202-514-3847
1-855-856-1247 (walang bayad)
202-514-0716 (TTY (para sa may kapansanan sa pandinig))

Makipag-ugnayan sa Tagapagpatupad ng Batas

Kung naniniwala ka na ikaw ay isang biktima o isang testigo sa isang krimen ng kasuklaman o ibang kriminal na paglabag ng iyong mga karapatang pang-sibil, hinihikayat ka namin na makipag-ugnayan sa inyong lokal na ahensya ng tagapagpatupad ng batas at/o isumbong ito sa FBI sa pagtawag sa 1-800-CALL-FBI o magsumite ng tip sa tips@fbi.gov. Maaari kang manatiling hindi nagpapakilala.

**Opisina ng United States Attorney (piskal)**
**Distrito ng South Carolina**
**Programa ng mga Karapatang Pang-Sibil**

## MGA TAGAPAG-UGNAY NG MGA KARAPATANG PANG-SIBIL:

Johanna Valenzuela (pang-Sibil)
Ben Garner (pang-Kriminal)

**Bisitahin ang mga sumusunod ng website para sa karagdagang impormasyon:**

https://www.justice.gov/usao-sc/civil-rights

https://www.justice.gov/crt

http://www.ada.gov/
https://www.justice.gov/hatecrimes
http://www.fbi.gov

Email: usasc.civilrights@usdoj.gov

Twitter: https://twitter.com/USAO_SC

OPISINA NG UNITED STATES ATTORNEY DISTRITO NG SOUTH CAROLINA

# PAGPAPATUPAD NG MGA KARAPATANG PANG-SIBIL

ADAIR F. BOROUGHS
UNITED STATES ATTORNEY

1441 MAIN STREET, SUITE 500
COLUMBIA, SOUTH CAROLINA
29201
TEL: (803) 929-3000
FAX: (803) 733-5966

# PROGRAMA NG MGA KARAPATANG PANG-SIBIL

## MGA BATAS NA IPINAPATUPAD

Ang U.S. Department of Justice ay may hurisdiksyon na humawak ng mga kaso sa ilalim ng ilang mga federal na batas, kabilang ang:

- Americans with Disabilities Act (ADA) (batas para sa mga Americanong may kapansanan)
- Fair Housing Act (FHA) (batas ng patas na pabahay)
- Voting Rights Act (batas ng mga karapatan ng pagboto)
- Equal Credit Opportunity Act (ECOA) (batas ng pantay na oportunidad sa pagpapautang)
- Title IV, Title VI, at Title VII ng Civil Rights Act of 1964 (batas ng mga karapatang pang-sibil ng 1964)
- Uniformed Services Employment and Re-employment Rights Act (USERRA) (batas ng pananarbaho at pagbabalik trabaho ng mga nasa serbisyo ng sandatang lakas ng bansa)
- Servicemembers' Civil Relief Act (SCRA) (batas ng kaluwagang pang-sibil para sa mga miyembro ng serbisyo)
- Title IX ng Education Amendments of 1972 (mga susog ng edukasyon ng 1972)
- Civil Rights of Institutionalized Persons Act of 1980 (CRIPA) (batas ng mga karapatang pang-sibil ng mga taong nasa loob ng institusyon ng 1980)
- Equal Educational Opportunities Act (EEOA) (batas ng pantay na oportunidad sa edukasyon)
- Freedom of Access to Clinic Entrances Act of 1994 (FACE) (batas ng malayang pagpasok sa mga pasukan ng klinika ng 1994)
- Religious Land Use and Institutionalized Persons Act (RLUIPA) (batas ng paggamit ng lupa ng mga relihiyosong organisasyon at ng mga taong nasa loob ng institusyon)
- Deprivation of Rights under Color of Law (pagkait ng mga karapatan sa ilalim ng may kulay-batas
- Shepard Byrd Hate Crimes Prevention Act (Sherpard Byrd na batas ng pag-iwas ng mga krimen ng kasuklaman)

## MGA KARAPATAN NG MAY KAPANSANAN

Ipinagbabawal ng Americans with Disabilities Act (ADA) ang diskriminasyon batay sa kapansanan sa maraming konteksto, kabilang ang trabaho, transportasyon, mga aktibidad ng mga state at lokal na pamahalaan, mga lugar ng pampublikong tirahan, at mga telekomunikasyon. Ang Department of Justice ay awtorisado na mag-iimbestiga sa mga reklamo, magsagawa ng mga pagsusuri sa pagsunod upang matiyak ang madaling pag-access, at magsimula at mamagitan sa paglilitis.

## PATAS NA PABAHAY AT PATAS NA PAGPAPAUTANG

Ipinagbabawal ng Fair Housing Act at Equal Credit Opportunity Act ang diskriminasyong pabahay at mga kasanayan sa pagpapahiram para sa tirahan batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, pambansang pinagmulan, at katayuan sa pamilya. Ang Department of Justice ay awtorisado na magsampa ng kaso kung nakikita nito ang isang tularan o kasanayan ng labag sa batas na pag-uugali o kung ang usapin ay naglalabas ng isyu ng pampublikong kahalagahan. Maaari din na litisin ng Department ang mga kaso sa ngalan ng mga pribadong mamamayan na pumili sa naturang aksyon mula sa isang paghahanap ng isang makatwirang dahilan ng Department of Housing and Urban Development (HUD) (kagawaran ng pabahay at panglungsod na pag-uunlad). Ang mga HUD na reklamo ay maaaring isampa sa pamamagitan ng pagpunta sa www.hud.gov.

## MGA OPORTUNIDAD NG PANG-EDUKASYON

Upang matiyak ang pantay na mga pagkakataong pang-edukasyon para sa lahat ng mga mag-aaral, ang Department of Justice ay nag-iimbestiga sa mga pahayag na ang mga distrito ng paaralan ay hindi nagbibigay sa mga mag-aaral na Nag-aaral ng Wikang Ingles ng mga naaangkop na serbisyo upang malampasan ang kanilang mga hadlang sa wika. Maaari ding imbestigahan ng Department ang mga paratang ng diskriminasyon, kabilang ang panliligalig at ang pagbibigay ng diskriminasyong disiplina batay sa lahi, pambansang pinagmulan, kasarian, relihiyon, at kapansanan, sa mga elementarya at sekondaryang paaralan, gayundin sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad.

## MALING PAG-UUGALI NG PULISYA

Ang Department of Justice ay awtorisado na mag-imbestiga ng mga tularan o kasanayan ng pag-uugali ng mga ahensya ng nagpapatupad ng batas na nagreresulta sa paglabag ng mga karapatang pang-federal at pang-konstitusyon ng mga indibidwal.

## MGA KARAPATANG PAMPAG-ANAK

Pinoprotektahan ng FACE na batas ang mga tao mula sa pisikal na pananakot, pagbabanta, at karahasan habang sila ay naghahanap o nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugang pampag-anak, kabilang ang mga klinika sa pagpapalaglag at pagpapayo para sa buhay.

## MGA KARAPATANG PANG-SIBIL NG MGA TAONG NASA LOOB NG INSTITUSYON

Ang Civil Rights of Institutionalized Persons Act of 1980 (CRIPA) ay nagbibigay sa Department of Justice ng awtoridad para mag-imbestiga sa mga kondisyon sa ilang mga institusyon na pinamamahalaan ng mga state at lokal na pamahalaan, kabilang ang mga pasilidad para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pag-iisip o sa pag-unlad, pansariling pagamutan ng matatanda, mga pasilidad ng pagwawasto ng kabataan, at mga kulungan para sa mga tamang edad at mga bilangguan.

## MGA KARAPATAN NG MGA MIYEMBRO NG SERBISYO

Ang Uniformed Services Employment and Re-employment Rights Act of 1994 (USERRA) ay nagbabawal sa diskriminasyon at paghihiganti batay sa serbisyo sa militar at nangangailangan, bukod pa sa ibang mga bagay, na ibalik ng mga employer ang mga indibidwal sa trabaho ng kanilang mga sibilyan na trabaho na may naaangkop na mga promosyon pagkatapos ng serbisyo sa militar, sa ilalim ng mga tinutukoy na kondisyon.

## RELIGIOUS LAND USE AND INSTITUTIONALIZED PERSONS ACT (RLUIPA)

Ang mga probisyon sa paggamit ng lupa ng Religious Land Use and Institutionalized Persons Act of 2000 (RLUIPA), 42 U.S.C. §§ 2000cc, et seq., ay nagpoprotekta sa mga indibidwal, mga bahay ng pananampalataya, at ibang mga relihiyosong institusyon mula sa diskriminasyon sa pagsona at sa mga batas ng palatandaan sa lupa.

## PANG-KRIMINAL

Ang Department of Justice ay nag-iimbestiga at nag-uusig ng mga pang-kriminal na paglabag sa karapatang pang-sibil, kasama ang: mga krimen ng kasuklaman, ang sadyang pag-alis ng mga karapatang pang-konstitusyon ng mga opisyal ng pamahalaan, pangangalakal ng tao, panghihimasok sa pag-access sa pangangalaga sa kalusugan ng pampag-anak, at ilang partikular na panghihimasok sa halalan at pagboto dahil sa lahi, kulay, relihiyon, o pambansang pinagmulan.